SHORELINE
PUBLIC SCHOOLS

# Form para sa Pag-Opt-Out sa FERPA

Mangyaring kumpletuhin ang form na ito at lagyan ng tsek ang mga naaangkop na kahon kung saan **HINDI** ninyo gustong mailabas ang impormasyon ng estudyante sa direktoryo para sa mga inilarawang layunin.

**Pangalan ng Estudyante:**________________________ **Paaralan:**______________________ **Antas ng Baitang:**___________

**Impormasyon sa Direktoryo para sa mga Publikasyon ng Paaralan, Larawan at News Media**

Ipinagmamalaki ng mga Pampublikong Paaralan ng Shoreline ang aming mga estudyante, kawani at maraming matagumpay na programa. Paminsan-minsan, ang mga estudyante ay maaaring matukoy, makuhanan ng larawan at/o ma-videotape para sa: **mga yearbook ng paaralan, mga pahayagan ng paaralan, mga video, mga webpage, social media, o sa lokal na news media**.

- ☐ **HINDI** ko gustong mailabas ang pangalan, impormasyon o larawan ng aking estudyante para sa mga layuning inilarawan sa itaas.

**Impormasyon sa Direktoryo para sa mga PTA/PTSA na Organisasyon ng Paaralan**

Minsan ay humihingi ang mga Samahan ng Estudyante Magulang Guro sa Paaralan ng impormasyon ng estudyante sa direktoryo para sa mga direktoryo ng PTSA at sulat sa koreo hinggil sa pagiging miyembro, mga pagpupulong, kaganapan at aktibidad.

- ☐ **HINDI** ko gustong mailabas ang pangalan o impormasyon ng aking estudyante para sa mga layuning inilarawan sa itaas.

**Direktoryo ng Mag-aaral at Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Magulang/Tagapag-alaga para sa mga Institusyon at Organisasyong Pang-edukasyon**

Minsan, humihingi ang mga kolehiyo, paaralang bokasyonal/teknikal, mga programa sa scholarship at iba pang mga organisasyong pang-edukasyon ng impormasyon sa direktoryo at pakikipag-ugnayan para makapagpadala ng impormasyon tungkol sa kanilang mga programa, oportunidad at serbisyo. Maaaring piliin ng mga mag-aaral na naka-enroll sa Baitang 9-12 o ang kanilang mga magulang/tagapag-alaga na huwag ipalabas ang impormasyong ito para sa layuning ito.

- ☐ **HINDI** ko gustong mailabas ang pangalan o impormasyon ng aking estudyante para sa mga layuning inilarawan sa itaas.

**Impormasyon sa Direktoryo para sa Militar ng U.S. (High School Lamang)**

Iniaatas ng pederal na batas na ilabas ng mga high school ang impormasyong pangkontak sa bahay para sa lahat ng mga estudyante sa high school sa mga recruiter ng militar maliban kung hindi pahihintulutan ng mga magulang/tagapag-alaga ang paglalabas ng impormasyong ito.

- ☐ **HINDI** ko gustong mailabas ang pangalan o impormasyon ng aking estudyante para sa mga layuning inilarawan sa itaas.

**Impormasyon sa Direktoryo para sa mga Nakakontratang Vendor na Sumusuporta sa mga Aktibidad ng Senior (High School Lamang)**

Ang impormasyon sa direktoryo ay maaaring ibahagi sa mga vendor na kinokontrata ng mga high school upang suportahan ang mga aktibidad na tulad ng: mga cap, gown, singsing, mga larawan ng senior, mga senior spree, atbp.

- ☐ **HINDI** ko gustong mailabas ang pangalan o impormasyon ng aking estudyante para sa mga layuning inilarawan sa itaas.

**Impormasyong Pangkontak na nasa Direktoryo para sa Lahat ng Layunin**

Maaari niyo ring hingin na ang impormasyong pangkontak sa inyo na nasa direktoryo (address, numero ng telepono at email) ay mapanatiling kompidensiyal at hindi mailathala o maibahagi para sa anumang layunin.

- ☐ **HINDI** ko gustong mailabas ang impormasyong pangkontak sa akin (address, numero ng telepono at email) para sa anupamang layunin.

**Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga o Estudyanteng Nasa Hustong Gulang:**____________ **Petsa:**___________